



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Region III




TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN
Bakuran ng Kapitolyo, Brgy. Guinhawa, Lungsod ng Malolos, Bulacan
website: <https://bulacandeped.com> email: bulacan@deped.gov.ph

Agosto 02, 2019

Sa mga: Hepe ng CID at SGOD
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
Iba pang daoat makabatid

1. Magalang na ipinararating ang liham ni Gng. Iluminada V. Estinos na may petsang Hulyo 24, 2019 hinggil sa paanyaya ng Bulacan Sports Council Federation, Inc. (BSCFI) at Pag-asa Youth Association sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office (PYSPEO) na muling makaagapay ang Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan sa pagdaraos ng HAKBANG PARA SA KABATAAN 2019.
2. Ang lahat ng kinauukulan ay hinihilingang suportahan ang nasabing programa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kinatawan ng nabanggit na Bulacan Sports Council Federation, Inc. (BSCFI) at Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office (PYSPEO) nang may pagsasaalang-alang sa mga ipinatutupad at umiiral na patakaran at alituntunin ng Kagawaran ng Edukasyon kaugnay ng naturang gawain.
3. Inaasahan ang kooperasyon at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.


ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V
Pansangay na Tagapamanehala ng mga Paaralan

Liham Pansangay
Blg. 139, s. 2019



ISO 9001:2015 CERTIFIED
Registration Number: DE-50500546 QM15





DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDO

RECEIVED
JUL 30 2019

By: _____
Time: 1:25

Bulacan Sports Council Federation, Inc.
Bulacan Sports Complex, Sta. Isabel, Malolos City
SEC. Company Reg. No. CN201121373 NON-VAT REG. TIN: 008-176-232-000

Hulyo 24, 2019

DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V
Schools Division Superintendent
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

DepEd-SDO of Bulacan
RECEIVED
JUL 30 2019
By: _____
Time: 1:25 HC

Mahal na Dr. Mostoles:

Ang Bulacan Sports Council Federation Inc. at Pag-asa Youth Association sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at *Public Employment Service Office* (PYSPEO) ay muling magsasagawa ng “**HAKBANG PARA SA KABATAAN 2019**” bilang bahagi ng **Singkaban Festival**. Ito ay gaganapin sa ika-11 ng Setyembre, 2019 sa ganap na ika-6:00 ng umaga sa Tanghalan ng Sining at Kultura, Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Ang gawaing ito ay naglalayong mapalakas ang sektor ng kabataan sa pamamagitan ng paglikom ng pondo at paghimok sa iba't ibang sektor ng lipunan na makibahagi sa pagtataguyod ng mga programang pang-kabataan. Ang benipisyaryo ng nasabing programa ay mga atleta at *out of school youth* mula sa ating lalawigan.

Kaugnay po nito, muli kaming lumalapit upang hingin ang inyong mahalagang suporta sa pagsasagawa ng nasabing gawain. Hinihiling namin na muling maging katuwang ang Kagawaran ng Edukasyon - Dibisyon ng Bulacan sa hangaring makatulong sa mga kabataang Bulakenyo.

Maraming salamat.

Lubos na sumasainyo,

Iluminada V. Estinos
ILUMINADA V. ESTINOS
Pangulo, BSCFI